

Mga Problema ng Prostate



Pahina 1 ng 2

Ang mga impormasyong ito ay naglalaman ng mga sagot sa mga pangkaraniwang katanungan tungkol sa kanser sa prostate. Alam ng maraming tao na ang pang-unawa sa isang sakit ay makatutulong sa pagkontrol nito at makatutulong din sa kanila. Hindi ito kapalit nang pakikipag-usap sa iyong mga doktor at narses. Maaaring gamitin mo ito na isang patnubay sa mga katanungang nais mong itanong.

Ano ang prostate?

Ang prostate ay isang glandulang pangkasarian na matatagpuan sa mga lalaki. Sa isang matandang lalaki, ito ay normal na kasinglaki ng isang walnut. Ito ay nakakabit sa ilalim ng pantog, sa ilalim ng bayag at bahagyang nasa harapan ng likuran ng puwit.

Ito ay gumagawa ng ilan sa mga likido ng semilya.

Ang prostate ay mayroong isang makipot na butas sa gitna. Ang tubo (urethra) na nag-aalis ng ihi mula sa pantog ay dumaraan sa butas na ito papunta sa kaduluhan ng ari ng lalaki.

Papaano ko malalaman kung ako ay may problema sa prostate?

Maraming lalaki, habang sila ay tumatanda, (mula sa limampung taong gulang), ang magkakaroon ng mga problema sa kanilang prostate.

Maaaring may problema ka sa pag-ihing. Maaaring mayroon kang ilan o lahat ng mga ganitong pagbabago:

- Kahirapan sa pagsisimula ng pag-ihing, lalo na kung ikaw ay nagmamadali.
- Kahirapan sa pagpigil sa pagdaloy ng ihi.
- May katagalan sa pag-ihing, dahil ang daloy ng ihi ay mahina, o ito ay tumitigil at nagsisimula.
- Pumatak-patak ang ihi pagkatapos na ikaw ay umihi.
- Mas madalas na pag-ihing sa loob ng isang araw, kahit na walang masyadong daloy ng ihi ang lumalabas.
- Paggising sa gabi upang pumunta sa banyo, na dati-rati ay tinutulugan mo. Maaari nitong pagurin ka at ikaw ay maging sumpungin.
- Kailangang umihi kahit anong oras.
- Nararamdaman mong hindi ka pa tapos o kailangan mong umihing muli, kahit wala nang lumalabas na ihi.
- May nararamdaman kang sakit o hapdi kapag ikaw ay umihi.
- Paminsan minsan, may dugo sa iyong ihi. Dapat na laging ikonsulta ito sa doktor.

Kung ikaw ay mayroong ilan sa mga problemang ito, makipagkita sa iyong doktor tungkol sa mga ito. Huwag mong tanggapin na bahagi lamang ito nang pagtanda – ang tamang paggamot ay maaaring makatulong sa iyo.

Ano ang mga sanhi ng problema?

Sa nobenta porsiyento ng mga kaso na kapag nararanasan ang mga problema ng prostate, ito ay dahil ang prostate ay lumaki at sinisiksik nito ang urethra. Ang problemang ito ay tinatawag na Benign Prostatic Hyperplasia o BPH at ito ay sanhi ng pagbabago ng mga hormon sa prostate. Mahigit sa kalahati ng mga lalaking may edad na higit sa limampung taong gulang ang naapektuhan nito, at ito ay hindi kanser.

Minsan ang pamamaga ng prostate ay maaaring sanhi ng impeksiyon na tinatawag na Prostatitis, ang mga sintomas nito ay katulad nang sa BPH subali't karamihan nang naapektuhan nito ay ang mga mas nakababatang lalaki.

Tandaan – karamihan sa mga problema sa prostate ay hindi kanser, at karamihan sa mga ito ay maaaring gamutin.

Ano ang maaaring gawin ng doktor?

Una sa lahat, kailangang malaman ng doktor kung ano ang dahilan ng problema. Kabilang sa pagsusuri ang:

Digital na pag-eksamen ng tumbong (Digital rectal examination)

Ipinapasok ng doktor ang isa niyang daliri na nakapaloob sa guwantes sa likuran ng labasan ng tumbong upang damahin ang laki, hugis at ang balat ng inyong prostate.

Pagsuri ng partikular na antigen para sa prostate (Prostate specific antigen test, PSA)

Ito ay ang pagsuri ng dugo upang tingnan kung may PSA, na ginagawa ng prostate. Kung may mataas na antas sa iyong dugo, maaaring may kanser ka sa prostate – subali't kailangan ng doktor na gumagawa na karagdagan mga eksaminasyon para makasiguro.

Biopsiya (Biopsy)

Kung ang iyong eksamen sa PSA o digital rectal examination ay hindi normal, maaaring isangguni ka ng iyong doktor sa isang espesyalista (urologist). Maaaring irekomenda ng urologist ang isang biopsy, na kung saan ay ilalagay ang isang ultrasound probe sa iyong tumbong upang tingnan kung mayroong mga abnormalidad sa prostate. Kukunin ang mga sampol (kadalasan ay anim o mahigit) at ipadadala ang mga ito sa isang espesyalista sa mga sakit (pathologist) para sa karagdagan pagsusuri.

Ang pamamaraan ay hindi laging ginagawa na may anestisyang. Papayuhan ka ng iyong doktor sa bagay na ito. Ang biopsy ang tanging paraan na makapagsasabi kung ikaw ay may kanser sa prostate. Malalaman din sa biopsy kung kailangan nito ng paggamot, kung gaano kabilis ang paglago ng kanser, at kung saan ito kumalat.

Ano ang mga paggamot sa problema ng prostate at kanser sa prostate?

Depende ito kung ano ang problema mo at kung gaano kalala ito. Pipiliin ng iyong doktor ang pinakamagaling na aksiyon para sa iyong partikular na sitwasyon. Kung ikaw ay mayroong lumaking prostate, hindi ito nangangahulugan na malamang na ikaw ay magkakaroon ng kanser sa prostate.

► *Filipino*

Multilinguwal na Linyang Pang-impormasyon tungkol sa Cancer

- **Pilipino**
(03) 9209 0169
- **English**
13 11 20

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

October 2006

Mga Problema ng Prostate



Pahina 2 ng 2

BPH

Maaaring malunasang ito ng paggamot o operasyon.

Maaaring baguhin ng mga gamot ang mga antas ng hormon, o maaaring pigilin o paliitin ang prostate upang hindi ito dumikit sa urethra. Maaari kang gumamit ng gamot ng mga ilang buwan bago bumuti ang mga sintomas. Kakailanganin mong ituloy ang paggamot hanggang ang mga sintomas ay makontrol, at maipagpatuloy ang pagsusuri ng iyong doktor.

Maaaring gamitin ang operasyon kung kailangang tanggalin ang isang bahagi ng prostate, upang pigilin ito sa pagsiksik sa urethra. Maaaring gumamit ng paggamot sa pamamagitan ng laser at microwave.

Prostatitis

Ito ay karaniwang ginagamot ng mga antibiyotiko. Kakailanganin mong gumamit ng antibiyotiko nang mga ilang buwan. Maaaring kailanganin ng ibang mga lalaki ang operasyon upang mapigil ang pagbabara ng urethra ng namamagang prostate.

Kanser sa prostate

Kung minsan, ang kanser sa prostate ay hindi nangangailangan ng paggamot. Ang matiyagang paghihintay kung saan ang doktor ay gumagawa ng mga regular na pagsusuri upang tingnan ang anumang mga pagbabago, ay ang mas madalas na pinipiling paraan. Ang paggamot ay maaring ipayo sa mga huling yugto kung ang kanser ay magsimulang lumaganap.

Ang paggamot ay depende kung hanggang saan kumalat ang kanser, sa iyong edad, at kung gaano ka kalusog. Kung ang kanser ay hindi kumalat, maaaring magkaroon ka ng operasyon upang tanggalin ang prostate. Ang iba ay maaari ring magkaroon ng radiotherapy o brachytherapy (internal radiotherapy). Kung ang kanser ay kumalat na, maaari kang magkaroon ng paggamot sa hormon upang pigilin ang kanser o tulungang pabagalin ito sa paglaganap.

Maaari kang kumuha ng pangalawang opinyon bago magdesisyon kung anong uri ng paggamot ang mahusay para sa iyo.

Mayroon bang mga komplikasyon ang paggamot?

Ang operasyon o radiotherapy para sa kanser sa prostate ay maaaring magkaroon ng tatlong mga pangunahing komplikasyon.

- Ang ibang mga lalaki ay maaaring hindi na tayuan (sila ay nagiging mahina). Nangyayari ito dahil ang mga ugat na nagpapatayo ng ari ng lalaki ay dumaraan sa prostate. Sa ibang mga kaso, imposible na maiwasan na mapinsala ang mga ganitong ugat dahil sa posisyon ng kanser.
- Pagkatapos ng operasyon, ang mga ilang lalaki ay maaaring mawalan ng kontrol sa kanilang pag-ihi (sila ay nawawalan ng pagpipigil) dahil sa pinsala sa mga kalamnan sa paligid ng prostate.
- Kung minsan, ang paggamot sa pamamagitan ng radiotherapy ay nakakaapekto sa pagdumi.

Nangangahulugan ito ng pagtatae habang ginagamot o pinsala sa pagdumi na nangangailangan ng paggamot.

Mayroong tulong na maaaring makuha para sa mga komplikasyon ng paggamot. Kausapin ang iyong doktor bago gumawa ng desisyon tungkol sa paggamot o tawagan ang Serbisyong Panguporta at Pang-impormasyon sa Kanser (Cancer Information and Support Service) sa 9209 0169.

Kailangan ko ba ng regular na pagsusuri o iksamen – kahit na ako ay walang sintomas?

Ang paggawa ng desisyon batay sa impormasyon tungkol sa pagsusuri para sa kanser ng prostate ay isang matalino at praktikal na hakbang kung ikaw ay nagpaplanong magkaroon ng pagsusuri.

May mga ilang taon na ngayon na nagkaroon ng masigla at minsan ay masalimuot na pagtatalo tungkol sa isyu ng pagsusuri para sa kanser sa prostate. Ang ilan ay naniniwala na lahat ng mga lalaki ay dapat na regular na magpasuri paglampas ng isang edad. Ang iba naman ay naniniwala na ito ay isang desisyong pang-indibidwal batay sa pagsang-ayon ng isang lalaki.

Sa aming pananaw, dapat na alamin ng mga kalalalahanian ang lahat ng impormasyon na kanilang kailangan tungkol sa pagsusuri. Pag-aralan ang mga isyu. Kausapin ang mga tagapayo sa Cancer Information and Support Service sa 9209 0169. Basahin ang aming polyeto ng impormasyon tungkol sa mga isyu ng kanser sa prostate at paggamot nito. Bisitahin ang website para sa kanser sa prostate sa www.prostatehealth.org.au. Makipag-usap sa mga lalaking dumaan na sa kanser sa prostate. Kausapin ang iyong doktor.

Maraming maaaring mahingan ng tulong at malugod kaming tutulong sa iyo sa pagkuha ng impormasyon na iyong kailangan.

Sa kasalukuyang panahon, hindi namin iminumungkahi ang pangkaraniwang pagsusuri para sa kanser sa prostate, dahil sa walang mapagkakatiwalaang ebidensiya sa yugtong ito na mapipigilan nito ang mga lalaking mamatay sa kanser sa prostate. Hindi rin kami tiyak na ang pangkaraniwang pagsusuri ay hindi epektibo, kaya't hindi rin kami nagpapayong huwag kang magpasuri. Mayroong malaking pagsisiyasat na ginagawa ngayon na maaring makasagot sa katanungang ito sa darating na panahon.

Ito ay isang desisyong dapat mong gawin. Ang iminumungkahi lamang namin ay kumuha ka ng pinakamagaling na impormasyon na maaari mong kunin.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Cancer Information and Support Service sa 9209 0169. Bumisita sa website ng Lions Australian Prostate Cancer sa www.prostatehealth.org.au.



Multilinguwal na Linyang Pang-impormasyon tungkol sa Cancer

- **Pilipino**
(03) 9209 0169
- **English**
13 11 20

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

October 2006